



## Dokumento ng Impormasyon tungkol sa Grocery Employee Hazard Pay Ordinance

Iniutos ng Grocery Employee Hazard Pay Ordinance (Ordinansa para sa Hazard Pay ng Mga Empleyado ng Grocery) na magbayad ang ilang negosyo sa grocery sa Seattle ng hazard pay na \$4 bawat oras sa mga empleyadong nagtatrabaho sa tingiang tindahan sa panahon ng emergency ng COVID-19. Ang kautusang hazard pay na ito ay magkakaroon ng bisa mula 12:01 AM sa **Pebrero 3, 2021** hanggang sa katapusan ng pampublikong emergency ng COVID-19.

### Aling mga kompanya ang dapat na sumunod sa batas na ito?

Ang batas na ito ay nalalapat sa mga Negosyo sa Grocery, na mga tingiang tindahan na:

1. Higit sa 10,000 square feet ang laki at pangunahing negosyo ang tingiang pagbebenta ng mga grocery; o
2. Higit sa 85,000 square feet, kung saan 30 porsyento o higit pa ng floor area para sa pagbebenta nito ay nakalaan sa pagbebenta ng mga grocery.

Kasama, pero hindi limitado, sa "mga grocery" ang: sariwang ani, karne, manok, isda, lutong pagkain, produkto mula sa gatas, de-lata at pinalamig na pagkain, tuyong pagkain, inumin, baged na pagkain, at/o inihandang pagkain.

Para masaklaw sa batas na ito, dapat na mayroong higit sa 500 empleyado sa buong mundo ang negosyo. **Walang** bisa ang batas na ito sa mga convenience store o food mart na pangunahing nagbebenta ng mga limitadong linya ng bilihin.

### Sinong mga empleyado ng grocery ang dapat bayaran ng hazard pay?

Ang batas na ito ay nalalapat sa mga empleyadong nagtatrabaho para sa sinasaklaw na Negosyo sa Grocery sa isang lokasyon ng tingiang pagbebenta sa Seattle.

### Magkano ang dapat ibayad na hazard pay?

Dapat makatanggap ang mga empleyado ng hindi bababa sa **\$4 bawat oras** bilang hazard pay. Idadagdag ang hazard pay sa sahod, mga bonus, komisyon, at tip na ibabayad sa isang empleyado ng grocery para sa mga serbisyong kanyang ibinigay.

Pinagbabawalan ang mga Negosyo sa Grocery na gumawa ng mga hakbang upang mabawasan ang ibang kabayaran sa empleyado dahil sa ordinansang ito.

### Ang mga Negosyo sa Grocery ay dapat na:

- Magbayad ng hazard pay kasabay ng sahod kung kailan ito kadalasang ibinigay para sa kanilang mga oras na nagtatrabaho;
- Hiwalay na tukuyin ang hazard pay mula sa iba pang mga kabayaran sa paycheck;
- Magbigay sa kanilang mga empleyado ng na-update na Notice of Employment Information (Abiso para sa Impormasyon tungkol sa Trabaho), ayon sa iniutos ng Wage Theft Ordinance (Ordinansa laban sa Pang-uumit ng Sahod); at
- Magbigay sa kanilang mga manggagawa ng nakasulat na abiso tungkol sa mga karapatang ipinagkaloob ng batas na ito bago lumipas ang Marso 5, 2021, kabilang ang karapatang maging malaya mula sa paghihiganti. Dapat ibigay ang abisong ito sa wikang Ingles at sa mga pangunahing wika ng mga empleyado sa tindahan.

### SEATTLE OFFICE OF LABOR STANDARDS

Ang aming misyon ay ang pagsulong ng mga pamantayan sa paggawa sa pamamagitan ng mapagmalasakit na pakikibahagi ng komunidad at negosyo, estratehikong pagpapatupad at malikhaing pagpapaunlad ng polisiya, nang may pagtuon sa katarungang panlahi at panlipunan.

#### Ang Aming Mga Serbisyo

Imbestigasyon ng mga reklamo  
Pakikipag-ugnayan sa mga manggagawa  
Teknikal na tulong para sa negosyo  
Mga sanggunian at referral

Nag-aalok ng mga interpretasyon at pagsasalin ng wika. Nagbibigay ng mga akomodasyon para sa mga taong may kapansanan. Libre ang lahat ng mga serbisyo.

#### Karagdagang Impormasyon

Tumawag sa: (206) 256-5297

Mag-email sa:

[laborstandards@seattle.gov](mailto:laborstandards@seattle.gov)

Bumisita sa: [seattle.gov/laborstandards](http://seattle.gov/laborstandards)